

Mga Updated na Rekomendasyon sa Bakuna sa COVID-19 para sa mga Batang 6 buwan - 4 taong gulang



Ang mga updated na bakuna sa COVID-19 para sa 2023-2024 ay magpoprotekta sa maliliit na bata mula sa malubhang pagkakasakit, pagpapaospital, at pagkamatay dahil sa COVID-19. Ayon sa mga pag-aaral, bagaman nananatiling mabisa ang mga bakuna sa COVID-19, posibleng humina ang proteksiyon ng mga ito sa paglipas ng panahon.

Ang pananatiling updated sa pagpapabakuna sa COVID-19 pa rin ang pinakamabisang paraan para maipagpatuloy ang proteksiyong ito.

Tingnan ang chart sa ibaba upang makita kung ilang dosis ang kailangan ng iyong anak para maging updated sa kaniyang bakuna sa COVID-19.

| Brand ng Bakuna | Edad | Dosis para sa mga Batang Hindi Nabakunahan | Mga Batang Nakatanggap na dati ng (mga) bakuna sa COVID-19 |
|-----------------|--------------------------|--|---|
| Pfizer | 6 buwan – 4 taong gulang | <p>Ika-1 Dosis: Updated na bakuna para sa 2023-2024.</p> <p>Ika-2 Dosis: Updated na bakuna para sa 2023-2024 3-8 linggo pagkatapos ng ika-1 dosis.</p> <p>Ika-3 Dosis: Updated na bakuna para sa 2023-2024 nang hindi bababa sa 8 linggo pagkatapos ng ika-2 dosis.</p> | <p>Nakatanggap ng 1 dosis dati: Ika-2 dosis ng updated na bakuna para sa 2023-2024 3-8 linggo pagkatapos ng orihinal na dosis.</p> <p>Ika-3 dosis 8 linggo pagkatapos ng ika-2 dosis ng updated na bakuna para sa 2023-2024.</p> <p>Nakatanggap ng 2 o higit pang dosis: 1 dosis ng updated na bakuna para sa 2023-2024 nang hindi bababa sa 8 linggo pagkatapos ng huling dosis.</p> |
| | 6 buwan – 4 taong gulang | <p>Ika-1 Dosis: Updated na bakuna para sa 2023-2024.</p> <p>Ika-2 Dosis: Updated na bakuna para sa 2023-2024 4-8 linggo pagkatapos ng ika-1 dosis</p> | <p>Nakatanggap ng 1 dosis dati: 1 dosis 4-8 linggo pagkatapos ng huling dosis ng updated na bakuna para sa 2023-2024.</p> <p>Nakatanggap ng 2 o higit pang dosis: 1 dosis 4-8 linggo pagkatapos ng huling dosis ng updated na bakuna para sa 2023-2024.</p> |
| Novavax | | Hindi available ang Novavax para sa sinumang mas bata sa edad 12. | |

Kung ikaw ay katamtaman o malubhang immunocompromised, mag-iiba ang mga alituntunin.



*Ang mga taong nahawahan ng SARS-CoV-2 kamakailan ay maaaring pag-isipang huwag munang kumuha ng dosis ng bakuna sa COVID-19 sa loob ng 3 buwan mula nang magkaroon ng sintomas o magpositibo sa pagsusuri (kung walang naging sintomas habang may impeksiyon). [Ayon sa mga pag-aaral](#) (sa English), kapag mas malaki ang agwat ng panahon sa pagitan ng pagkahawa at pagpapabakuna, maaaring mas malakas ang immune response sa bakuna. Naobserbahan din na mas maliit ang panganib na mahawahan ulit sa loob ng mga linggo o buwan pagkatapos mahawahan. Ang mga indibidwal na salik gaya ng panganib na magkaroon ng [malubhang sakit](#) na COVID-19, [COVID-19 sa komunidad](#), o ng mga katangian ng laganap na SARSCoV-2 strain ay dapat isaalang-alang kapag nagpapasya kung hindi pa muna kukuha ng dosis pagkatapos mahawahan.